

Mensahe ng Gobernador para sa mga mamayan ng Prepektura ng Shiga Ayon sa buod ,nitong nakaraang ika-5 ng Marso ay may nakumpirmang unang kaso ng nahawaan ng sakit na Coronavirus(COVID-19).

- Sa ngayon ang nasabing tao ay ginagamot at isinasailalim na sa mga pagsusuri at magpahanggang sa ngayon iniimbistigahan din ang mga napuntahan lugar at mga naging gawain nito.
- Sa ngayon tumatayang halos isang libong(1,000) katao na ang nahawaan sa buong Japan.
- Maging maingat po tayong lahat, umaasang sana ay malampasan na natin ang ganitong sitwasyon.

Narito ang 4 na mga punto para sa kaalaman ng lahat.

- ① May 24 oras na serbisyong ihahanda ang prepektura para makapag konsulta sa mga araw ng sabado at linggo,kung mayroon kayong ipinag aalala huwag mag atubiling tumawag.isasagawa po ang pagsusuri at paggagamot kaya't walang dapat ikabahala.
- ② Ang mga iba't ibang mga pagdaraus/pagdiriwang sa loob ng lalawigan ay pansamatalang itinigil /kinansela at ipinagpaliban muna. Pansamatalang walang pasok din ang mga paaralan hanggang sa pagkatapos ng tagsibol na bakasyon(spring break).
- ③ Kumain ng wasto at masusustansiyang pagkain,kumuha ng ganap na tulog(matulog ng mabuti) upang malabanan at maiwasang mahawaan nito.
- ④ Para sa mga taong may negosyo na naapektuhan at namomorolema dahil sa paglaganap ng nakakahawang sakit na Coronavirus ay malaya po kayong sumangguni ng inyong problema.At para naman doon sa mga may mga anak na hindi makapasok sa trabaho mayroon pong lugar na puwede kayong makapagsangguni.magtatatag po ng lugar kung saan puwede ninyong paalagaan ang inyong mga anak,pati na rin doon sa may mga kapansanan ang mga anak.

○ Napakamahalaga itong una at pangalawang linggo para sa lahat, Sa Sarili, Sa Pamilya, Sa mga mahal sa buhay para sa masusing pang iingat sa Kalusugan, Mag iingat po tayong lahat.

Marso 5 2020

Prepektura ng Shiga Gobernador Mikazuki Taizou

Tungkol sa tanggapan ng pagsangguni

Sa mga taong nagbabalik bansa • Sentro na nagbibigay serbisyo para sa mga nagbabalik bansa na nakikipag-ugnay sa isang nahawaang tao.

Opisina ng mga Parmasyutiko at pag iwas sa nakakahawang sakit,

Kagawaran ng Pangangalaga sa Kapakanan at Pangkalusugan Pampubliko

Pamahalaang Prepektura ng Shiga (Pangkaraniwang mga araw, Sabado, Linggo at walang pasok na mga araw , 24Oras)

•080-2470-8042

Tanggapan ng pagsangguni para sa mga negosyante sa loob ng Prepektura

Seksiyon para sa suporta sa mga katamtaman at maliit na negosyo

(Pangkaraniwang mga araw 8:30~17:15)

Pangkalahatang tanggapan ng pagsangguni 077-528-3730

Sistema ng pautang 077-528-3732

Tanggapan ng pagsangguni para sa manggagawa

Dibisyon para sa patakaran sa Trabaho at sa mga Manggagawa

(Karaniwang araw 8:30~17:15) 080-1514-0051

Konsultasyon sa wikang banyaga

Call center para sa mga dayuhang turista / Ahensya ng Turismo

(Karaniwang mga araw, Sabado Linggo, at walag pasok na mga araw 24 oras)

**Multilingual Visitor Hotline (24 hr) on New Coronavirus JNTO (Japan
National Tourism Organization)**

Tel: 050-3816-2787

Mga suportadong wika : Ingles, Tsino, Hangul, Hapon

Information Center para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga

(Karaniwang mga araw, 10:00-17:00)

Tel 077-523-5646 Email: mimitaro@s-i-a.or.jp

Mga suportadong wika ; Portugal, Espanyol, Tagalog, Vietnam, Indonesia, Ingles,
Tsino, Hangul, Thai, Nepal, Russia, Hindi

* Mangyaring makipag-ugnay sa amin sa pamamagitan ng telepono o E-mail para sa mga konsultasyon na may kaugnayan sa bagong nakakahawang sakit na coronavirus, Mangyaring iwasan ang konsultasyon sa pamamagitan ng pagbisita.